

# ILANG ISYUNG PANGKULTURA SA BATAYANG EDUKASYON

Rozanno E. Rufino

Ang artikulong ito ay isang kritikal na pagsisiyasat sa batayang edukasyon mula sa perspektibang pangkultura. Tinatalakay dito ang usapin ng indihenisasyon hindi lamang sa edukasyunal na konteksto ng mga katutubo/"IP" kundi pati ng mga pangkaraniwan o "*mainstream*" na paaralan. Kaugnay ng isyu sa pagiging responsibo ng edukasyon, muling tinitingnan ang paksain ng wika (na siyang "daluyan, tagapagpahayag, at imbakan-kuhanan" ng kultura), pagkatuto at kalayaang pangkalinangan sa harap ng kasalukuyang pagka-abala sa pagtugon sa mga hamon ng "globalisasyon." Ipinipanukala din ang pagsasakapangyarihan ng mga guro, mag-aaral, at komunidad na pangalagaan ang pamanang pangkalinangan sa pamamagitan ng batayang edukasyon. Sa lahat ng ito, malaki ang maitutulong ng mga antropohista upang magsulong ng mga reporma sa polisiya at paghahatid ng edukasyon.

Ang batayang edukasyon (*basic education*) ay kinikilalang sandigan ng ating sistemang pang-edukasyon.<sup>1</sup> Ang kakayahan na ipagpatuloy ang pag-unlad ng pang-unawa at kaalaman (o habang-buhay na pagkatuto) na kinakailangan ng isang indibidwal upang mamuhay ng "produktibo" sa loob ng lipunang Pilipino ay inaasahang magmumula rito. Sa ganitong pananaw, ang paghahatid nito sa lahat ng mamamayan ay isa sa mga pinakamahalagang tungkulin ng pamahalaan at gawaing pangkaunlaran. Sa kasalukuyan, para sa maraming Pilipino, ito nga lang marahil ang natatanging edukasyon na kanilang makukuha.

Dahil sa malaking potensyal nito na maka-impluwensya sa paghubog ng indibidwal at lipunan, mahalagang kritikal na siyasatin ang tunguhin nito at tingnan kung ito nga ba ay angkop sa pangangailangn ng mga tumatanggap. Bilang kasapi sa gawain ng pagpapaunlad at tagapagmasid sa sektor ng edukasyon, layunin kong ibahagi ang ilan sa mga mahahalagang isyung pangkultura na paksa ng mga talakayang pampolisiya at ilang usapin pa na sa tingin ko ay dapat suriin ng

malaliman at bigyang linaw. Ang aking pagbabahagi ay magmumula sa konteksto ng edukasyon sa loob ng talastasang pangkaunlaran.

Ang mga isyung aking tatalakayin ay ang sumusunod: ang pagsasakatutubo/indihenisasyon at ang kasalukuyang tungunhin ng edukasyon, ang pagiging “*globally competitive*” at edukasyon, ang isyu ng wika at pagkatuto, at ang konserbasyon ng pamanang pangkalinangan (*cultural heritage*).

### **Indihenisasyon at kasalukuyang tungunhin ng edukasyon**

Marahil isa sa pinaka-popular na paksang pangkultura sa edukasyon ngayon ay ang kakulangan ng kasalukuyang sistema, partikular sa pormal na pamamaraan (i.e. sistemang pampaaralan), na tugunan ang mga pangangailangan sa pagkatuto ng mga katutubo o “*indigenous peoples*” (IP). Mayroon ngang nakadaranas ng diskriminasyon sa pag-aaral dahil sa kanilang kultural na kaibahan. Nariyan ang mga kwento ng mga katutubong magulang na ipinahihinto na lamang sa pagpasok sa paaralan ang kanilang mga anak dahil sa kalaunan ay pagkahiya sa sariling kultura ang isa sa nagiging bunga ng edukasyong kanilang nakukuha. Bukod pa rito, nariyan din ang isyu ng hindi pagtugon ng edukasyong nakukuha sa kanilang mga pangangailangan sa pagkatuto.

Tunay ngang may pagnanasa ang mga katutubo na makakuha ng pormal na edukasyon upang makalahok sa mas malawak na lipunang Pilipino. Sa atin ngang kasalukuyang pag-iral sa loob ng isang mas malawak na kabuuan – ang bansa – tayo ay kinakailangang makapagpaunlad ng iba’t-ibang antas ng kamalayan at pagkakaanib (mula sa pamayanan hanggang sa bansa). Ang pagpapalawak ng pagkakaanib at kamalayan ay tunay ngang masalimuot. Sa prosesong ito, may mga kinaugaliang pamamaraan at sistema na maaaring makabangga ng iba at may mga panibagong kaalaman at kasanayang kinakailangang matutunan. Karapatan ng isang tao ang makatanggap ng edukasyon na makapagbibigay sa kanya ng kakayahang makilahok at makapag-ambag sa iba’t-ibang antas ng lipunang kanyang kinabibilangan nang hindi nalalabag ang kanyang pagkatao at magbibigay daan sa pag-unlad na naaayon sa kanyang adhikain at karapatang pangkultura. Ang nararapat na tungunhin ng edukasyon (at lahat ng gawaing pangkaunlaran) ay ang palawakin ang sakop ng mga kalayaang maaaring matamasa ng mga tao.

Ang mga isyu ngang ito ang nag-uudyok sa ilang mga katutubo, edukador, at manggagawa sa pagpapaunlad na igiit ang indihenisasyon at lokalisasyon ng kurikulum upang maging responsibo sa sosyo-kultural na

konteksto ng mga tumatanggap. Maaaring malinaw ang pananaw, pilosopiya at pagbabagong kailangan upang maipatupad ang proyektong ito, ngunit ibang usapan ang mismong pagpapatupad ng reporma. Malaking hamon pa rin sa pamhalaan at sistemang pang-edukasyon ang ilapat ang mga reporma sa aktwal na mga gawain.

Bagamat may mga problema nga ang pagpapatupad ng indihenisasyon, may mga mahahalagang pag-unlad at tagumpay na rin ang naganap at nagaganap. Mahalagang banggitin dito ang kontribusyon ng pakikilahok natin sa pandaigdigang pagkilos ng *Education for All* (EFA). Ang EFA ay may dala-dalang pundamental na kaisipan na makikita ang buod sa *Dakar Framework* (na pinagkasunduan noong taong 2000) na nagpahayag na ang lahat ay:

may karapatang pantao na makinabang sa edukasyon na tutugon sa kanilang mga batayang pangangailangan sa pagkatuto sa pinakamainam at pinakamalawak na katuturan nito, edukasyon na kasama ang pagkatutong maka-alam, gumawa, mamuhay ng magkakasama, at maging (*to be*) (UNESCO, 2000, p. 8).

Ang kaisipang ito ay nagbukas ng mas malaking puwang upang siyasin ang pagkakatugma ng inihahatid na edukasyon at ang mismong pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang mahalagang tanong ay hindi lamang kung may akses ang mga tao sa edukasyon kundi kung tumutugon din ba ito sa kanilang mga pangangailangan. Napakalaking hamon nito sa mga edukador at bumabalangkas ng mga polisiya sapagkat ang pangangailangan ng mga mag-aaral ay naaayon sa kontekstong sosyo-kultural na kanilang kinabibilangan. Bukod sa mga kinagawiang kaalaman sa pagpaplanong pang-edukasyon kailangan ring magkaroon ng panibago at mas sensitibong pananaw sa paggawa ng polisiya at pagsasagawa ng mga programa. Sa pagmamasid sa kasalukuyang takbo ng paghahatid ng edukasyon, makikita na masalimuot nga ang isyung ito para sa pamahalaan at iba pang kasapi sa gawaing pang-edukasyon. Ito ay nagpapakilala ng ilang seryosong usapin na malaki ang implikasyon sa mismong tunguhin ng edukasyon at kung bakit ito isinasagawa.

Kasabay at dala na rin ng pag-unlad ng kaisipan na nabanggit, nagkaroon ng mga mahahalagang proyekto ang Kagawaran ng Edukasyon (o DepEd) upang isulong ang indihenisasyon. Nariyan ang pagsasagawa ng mga pananaliksik sa mismong proseso nito upang mapalaganap na ng aktwal sa mga paaralan. Kasama dito ang ikinomisyon na pag-aaral ng DepEd tungkol sa *culture-responsive curriculum for indigenous peoples*, na malaking hamon pa rin sa

kasalukuyan ang pagpapatupad ng mga panukala (Abuso et al. 2002). At syempre, naririyang din ang pagtatayo ng mga paaralan para mismo sa mga "IP".

Marapat na ring banggitin ang mga positibong hakbangin na ipinapatupad sa pagpapahusay ng paghahatid ng edukasyon sa mga Pilipinong Muslim, na isang mahalagang bahagi ng pangkalahatang pagkilos sa indihenisasyon. Matagal nang nakalatag ang mga nararapat gawin upang mapaunlad ang kalidad ng edukasyon sa mga *madrasah* o mga Islamikong paaralan ngunit ngayon lamang nagkakaroon ng konkretong pagbabago at suportang pampolisiya. Bunga na rin ito marahil ng nabanggit na unti-unting pagbabago sa perspektibang pang-edukasyon. Kaakibat ng pakikilahok natin sa EFA ang pagbutihin ang pagbibigay ng akses sa dekalidad na edukasyon sa anumang sistema o paraan ng pagtuturo. Lahat ng pamamaraan na angkop sa partikular na pangangailangan at kinapapaloobang konteksto ng mga mag-aaral ay karapat-dapat pagtuunan ng pansin. Ang sistemang pang-edukasyon ay dapat maging dinamiko sa pagkukop at pagpapalago ng sari-saring daloy o pamamaraan ng pagkatuto.

Nitong nakaraang Agosto 2004 ay naglabas ng isang kautusan ang DepEd (2004) na nagpapatupad ng isang istandardisadong kurikulum para sa mga pampublikong elementarya (na matatagpuan sa mga komunidad na maraming Muslim) at mga madrasah simula sa pasukan ng taong 2005. Ang ibig sabihin nito ay: sa mga nasabing pampublikong elementarya, magkakaroon ng mga opsyonal na klase sa pagtuturo ng wikang Arabo at Islamikong Pagpapahalaga (*Islamic Values*) upang matugunan ang pangangailangan ng mga Muslim na mag-aaral; at sa mga madrasah (na may akreditasyon ng DepEd) naman, ituturo na ang mga araling nasa kurikulum ng batayang edukasyon o "BEC" (*basic education curriculum*) ng DepEd. Sa ganitong sistema, magkakaroon ng pagkakataon ang mga magulang na ipasok ang kanilang mga anak sa regular na pampublikong paaralan na makatutugon din sa kanilang pangangailangan sa pagkatuto bilang mga Muslim. At para naman sa mga nag-aaral o nagtapos sa akredited na madrasah na nagpatupad ng istandardisadong kurikulum, mabibigyan ng pagkilala ang kanilang natapos. Ito ay inaasahang makatutulong sa pagbibigay ng mas patas na pagkakataon sa pagpapatuloy sa mas mataas na antas ng edukasyon at pakikilahok sa mas malawak na lipunan.

Malaking tulong nga ang usapin ng madrasah sa paglilining ng pananaw sa edukasyon ng mga nasa pamahalaan at mga manggagawa sa larangan ng pagpapaunlad. Sa mga diskusyong pampolisiya tungkol sa pagtulong ng pamahalaan sa mga madrasah bilang rekognisadong sanga

ng pagkatuto, may ilang nagtatanong sa pagiging tugma nito sa paghihiwalay ng estado at relihiyon. Ano ang kaangkupan ng pagbibigay ng tulong ng pamahalaan sa mga madrasah? Sa paraang ito ay nakatutulong sa paghahatid ng edukasyon, ito ay kinakailangang bigyang pansin ng pamahalaan. May mga paraan na makatutulong ang pamahalaan nang hindi nilalampasan ang hangganan ng maaari nitong pasukin. Ang mahalagang punto dito ay may karapatang umunlad at matuto ang mga mamamayan ayon sa kanilang adhikain at ninanais na sistema, at tungkulin ng pamahalaan na tugunan ang iba't-ibang mga pangangailangang ito. Nararapat na sagarin ang hangganan ng mga maaaring gawin upang harapin ang mga masalimuot na hamon tulad ng partikular na isyung ito.

Ang pagbibigay tuon sa kalayaang pangkalinangan (*cultural liberty*) ng kamakailan lamang na inilabas na *Human Development Report* o HDR (2004) ay karagdagang ambag sa kasalukuyang usapin. Ayon sa HDR, ang kalayaang pangkalinangan ay “ang kakayahan ng mga tao na mamuhay at maging sinoman ayon sa kanilang kagustuhan” (2004, p. 4). Sinasabing may dalawang pangunahing hamon sa kalayaang ito -- ang eksklusyon sa pakikilahok at eksklusyon dahil sa paraan ng pamumuhay. Malaki ang implikasyon nito sa edukasyon. Ang mismong di-pagtanggap o pagkakaroon ng balakid sa pagkuha ng edukasyon ng isang indibidwal dahil sa kanyang kaibahan ay isang paraan na nga ng eksklusyon. Ito ay nagbubunga pa ng mas malalim na eksklusyon dahil ang kawalan ng edukasyon ay balakid sa aktibong pakikilahok sa buhay-lipunan. Maaaring matanggap nga ang isang indibidwal sa paaralan o magkaroon ng akses sa anumang pamamaraan ng pagkatuto, ngunit hindi naman tugma sa kanyang mga pangangailangan ang edukasyong nakukuha. Sa gayon, hadlang pa rin ito sa kanyang pag-unlad bilang tao at lubos na pakikilahok.

### **Indihenisasyon ng “mainstream” na edukasyon**

Mabilis na umuunlad ang diskurso sa indihenisasyon ng edukasyon, patunay ng marami-raming papel tungkol dito sa kasalukuyang kumperensya. Ngunit nais kong imungkahi ang pagbibigay din ng malalimang pagsisiyasat sa isang dimensyon ng usaping indihenisasyon na hindi gaanong napagtutuunan ng pansin: ang kaangkupan ng kadalasang tinatawag na “mainstream” na edukasyon o edukasyong nakukuha sa mga pangkaraniwang paaralan. Madalas mabanggit ang hindi pagka-angkop ng umiiral na sistema sa pangangailangan ng mga

katutubo. Naririnig din natin ang kagustuhang maging kapantay ng edukasyon na nakukuha sa madrasah ang sa regular na paaralan. Ngunit nabibigyan kaya ng sapat na pag-iisip, partikular ng mga nagpapalano ng edukasyon at gumagawa ng mga polisiya, kung angkop nga rin ba ang edukasyong nakukuha sa mga pangkaraniwang paaralan sa pangangailangan ng mga tumatanggap na mag-aaral?

Naaalala ko ang isang mahalagang pagpupulong ng mga tagaplano, eksperto at manggagawa sa larangan ng edukasyon na aking nadaluhan. Ang layunin ng nasabing pulong ay tingnan ang kalagayan at mga pangangailangan ng sektor at bumuo ng bagong istrategiya upang matugunan ang mga ito. Syempre ay nabanggit bilang isa sa mga pangunahing prayoridad ang edukasyon para sa mga "IP", dala na nga rin ng lumalagong atensyong ibinibigay dito. Dahil napunta na rin naman ang usapan sa isyu ng kultura, nabanggit ko ang pagbibigay pansin sa edukasyong pang-kultura sa mga paaralan (kaugnay ng inihandang *Philippine Cultural Education Plan* ng Pambansang Komisyon sa Kultura at mga Sining). Sa puntong ito, may isang kalahok na nagkomento na wala naman daw tayong problema (tulad ng sa mga katutubo) sa mga pangkaraniwang paaralan dahil tayo naman daw ay "Westernized" na. Hindi ko inaasahan ang ganung komento, ngunit ito ay dungawan sa isang kaisipan ng ilan sa mga kasalukuyang namamahala ng edukasyon.

Malaki ang implikasyon ng nabanggit na pananaw (i.e. ang mga nasa *mainstream* o nakararami ay *Westernized*) sa nilalaman ng edukasyon. Hindi mahirap makahanap ng mga edukador at gumagawa ng polisiya na may katulad na pananaw. At kung may ganun ngang pagtingin, hindi nga mabibigyan ng sapat na tuon ang pagsisiyasat kung tama ba ang nilalaman ng edukasyon na ibinibigay natin sa mga paaralan. Madaling nakalulusot ang pagtuturo ng kaalaman na hindi naman talaga mapakikinabangan ng mga mag-aaral.

Sa usapin ng pagsisiyasat sa kaangkupan ng nilalaman ng batayang edukasyon, maraming matutunan ang "pormal" na edukasyon sa nasimulan nang mga pag-aaral sa "di-pormal" na pamamaraan. Ang huli ay may kinalaman sa mga programa at proyektong pang-literasi. Pangunahin dito ay ang etnograpihong pag-aaral nina Doronila (1994) tungkol sa literasi at ang sumunod na kalipunan ng mga pag-aaral sa edukasyong kapaki-pakinabang (*functional education*) at literasi (inilimbag noong 1996 sa ilalim ng *Philippine Non-Formal Education Project* ng DepEd).

Isa sa mga pangunahing diin ng mga nabanggit na pag-aaral ay ang pang-unawa na ang isang programang pang-literasi ay magiging tunay na

epektibo kung ito ay ibabatay at magbibigay halaga sa kaalaman ng mga tao o komunidad (Doronila at Acuña, 1994). Inuri nina Doronila ang kaalamang pangkomunidad sa dalawang tipo: ang tradisyunal at di-tradisyunal na kaalaman (Arinto, 1996). Ang unang tipo ay tumutukoy sa katutubong kaalaman, na pangunahing ipinapasa-pasa ng pasalita, na binubuo ng kaalamang-bayan tungkol sa kalikasan, kapaligiran, at iba't ibang yugto at aspeto ng buhay. Ang pangalawa naman ay binubuo ng mga “modernong” kaalamang pang-teknolohiya at gawi, na kadalasan ay natututunan sa mga paaralan. Sinasabing may “pagkakahati” sa pagitan ng dalawang tipong ito. Ngunit kung ang mga tao mismo ay mabibigyan ng kapangyarihan upang hubugin ang sariling kaalaman, ang tradisyunal at di-tradisyunal ay maaaring pagbigkisin at paunlarin ng sabay.

Alam natin na naka-ugat sa buhay ng mga mamamayan at napakayaman ng tradisyunal na kaalaman. Nararapat lamang na kilalanin ito at maisama ng maayos sa pormal na itinuturo sa paaralan upang maging tunay na makabuluhan ang paglilinang ng kaalaman at paghahatid ng edukasyon. Ang “pagbubuong-muli” ng kaalaman ay dapat ngang pag-ibayuhin hindi lamang sa mga proyektong pang-literasi kundi sa mga pangkaraniwang paaralan din. Ang hamong ito ay nangangailangan ng higit pang mga pag-aaral mula sa mga edukador at mananaliksik (at masasabi nating malaki ang potensyal ng mga antropolohista na maka-ambag sa gawaing ito) upang makapagmungkahi ng konkretong direksyon sa proseso ng indihenisasyon.<sup>2</sup>

### **Ang pagiging “globally competitive,” wika at pagkatuto**

Ang kasalukuyang pagkahumaling ng pamahalaan sa pagkakaroon ng “globally competitive” na edukasyon ay may kaugnay ding isyung pangkultura, partikular sa wikang panturo at pagkatuto. Kung titingnan natin, lumilitaw na ang tuon ng pamahalaan sa kasalukuyan ay ang pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral sa *English*, *Science*, at *Math*. Sa katunayan nga ay nagpalabas pa si Gng. Arroyo ng direktiba (*Executive Order* 210, 17 Mayo 2003) na palakasin ang paggamit ng Ingles bilang wikang panturo dahil sa pagkabahala sa bumababang “kasanayan” ng mga Filipino sa pag-gamit nito. Kailangan daw pabutihin ang pag-iingles ng mga estudyante upang “mapanatili at pagbutihin ang kanilang *competitive edge* sa mga naglilitawan at mabilis na lumalagong mga lokal at internasyunal na mga industriya, partikular sa larangan ng *Information and Communications Technology* (ICT)”. Sa nirebisang

BEC, ang English, Math, at Science ay itinuturo sa wikang Ingles (Department of Education, 2003).

Ngunit ano nga ba ang ibig sabihin ng pagiging “*globally competitive*”? Sa tingin ko ay dapat pang pag-isipan at unawain ng malaliman ang implikasyon nito. Para nga sa ilan; tila napaliliit na lamang at nagiging simplistiko ang isyu tungkol dito sa pagpapabuti ng pag-iingles bagamat marami pang mas mahahalagang kasanayan na dapat matutunan. (Minsan ay naka-iirita na ang marinig na kailangan nating gumaling sa Ingles dahil malaki ang potensyal ng industriya ng *call centers* dito sa Pilipinas.)

Kung pagbabatayan ang seryoso at malinaw na mga prinsipyong pang-edukasyon, ano nga ba talaga ang dapat maging pananaw sa isyu ng wika? May mainam na paglalagom ang UNESCO sa isyung ito sa isang papel tungkol sa wika na inilabas nitong nakalipas na taon. Sinabi rito na ang pagtuturo sa wikang taal o inang wika (*mother tongue*) “ay esensyal sa unang pagtuturo at literasi at dapat na patagalin hanggang sa pinakahuling baitang ng edukasyon na maaari” (UNESCO, 2003, p. 31). Ang pagtuturo sa inang wika ay tinitingnan ng UNESCO na isang paraan upang pabutihin ang kalidad ng edukasyon sa pamamagitan ng pag-uugat ng pagkatuto sa kaalaman at karanasan ng mga mag-aaral at guro. Ang wika nga ay daluyan, tagapagpahayag, at imbakan-kuhanan ng kultura, kaya nga’t ang kaalaman ay pinakamainam na naipapahayag sa wika kung saan ito inimpok (Arinto, 1996; Salazar, 1996).

Sang-ayon ito sa nauna nang diskusyon sa pagsasama ng tradisyunal at di-tradisyunal na kaalaman. Sa pamamagitan ng paggamit ng sariling wika, ang dalawang uri ng kaalaman ay naipapantay sa isa’t isa at nabibigyan ng kapangyarihan ang mga mag-aaral na hindi lamang maunawaan ito bagkus ay paghambingin, siyasatin, at punahin pa nga kung kinakailangan (Arinto, 1996).

Batay sa mga pag-aaral, ang pagututuro sa inang wika ay nakatutulong sa: kasanayan sa unang wika, pag-unlad sa iba pang mga asignatura, at pag-aaral ng pangalawang wika (UNESCO, 2003). Kung gayon, marapat lamang na ang gamiting wikang panturo ay ang inang wika at Filipino.<sup>3</sup> Kung ninanais natin na iangat ang kalidad ng edukasyon at kasanayan ng mga mag-aaral sa Agham at Matematika kinakailangan nating pag-isipang muli ang pagtuturo nito sa Ingles sapagkat imbis na maging “*competitive*” nga tayo ay baka ang kabaligtaran ang nangyayari.<sup>4</sup> Kahit sa pagpapabuti ng kasanayan sa Ingles (na isa nga sa kasalukuyang prayoridad ng pamahalaan), nananatili ang pangangailangan na palakasin ang pundasyon ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa sariling wika. Sa pagbabasa nalang,



halimbawa, naipakita na ng mga pananaliksik na ang mga mag-aaral na natutong magbasa sa sariling wika ay mas mabilis matutong magbasa sa pangalawang wika kaysa sa mga tinuruan kaagad gamit ang pangalawang wika (UNESCO, 2003). Kung titingnan natin ang binagong BEC, simula pa lamang ng Unang Grado ay Ingles na ang asignaturang may pinakamahabang oras na nakalaan. (Sana naman ay “grumadweyt” na ang ilan sa pag-iisip na ang paggamit ng sariling wika sa edukasyon ay bunsod lamang ng pagiging “makabayan”.)

Kahit mula sa pananaw ng ekonomiks, ang pagtuturo sa sariling wika ay higit na mabisa. Tingnan na lamang natin ang kaso ng Papua New Guinea (na may higit pa sa 800 wika!) na nagpatupad ng reporma noong 1993 sa pamamagitan ng pagtuturo sa inang wika sa unang tatlong taon ng pag-aaral. Noong 2001, mayroong nang 369 na wikang ginagamit sa 3,600 na paaralang elementarya sa nasabing bansa (UNDP, 2004). Mayroon nang panimulang ebidensya sa programang ito na nagpapakita na mas madali at mabilis na nagiging litereyt ang mga bata kapag sila ay tinuturuan gamit ang inang wika. Bukod pa rito, bumuti ang kanilang mga edukasyunal na panukat: patuloy na bumubuti ang akses, bumaba ang *dropout rate*, higit sa 70 porsyento ng mga nasa ika-anim na grado ay nagpapatuloy sa ika-pitong grado (kumpara sa mas mababa pa sa 40 porsyento noong 1992), ang enrolment sa mababang sekondarya ay dumoble kumpara noong 1992, at ang bilang ng mga nasa mataas na sekondarya ay nag-kwadruple. At higit na mahalaga, napuna ng mga guro na ang mga mag-aaral ay naging mas tiwala sa sarili at mapang-usisa. Napagtulung-tulungan din ng iba’t ibang sektor, laluna sa lebel ng komunidad, ang paggawa ng mga gamit para sa instruksyon sa mababang halaga. May mga *NGO* na nakakalap ng tulong upang makagawa ng sistema ng pagsusulat o inskripsyon para sa ilang mga wika na dati ay hindi isinusulat.

Ngunit kung titingnan ang isyu tungkol sa wikang panturo, pangalawa lamang ang argumento sa pagiging mabisa nito. Para sa akin, ang pangunahing ideya dito ay ang pang-unawa na ang pagkilala sa wika ng isang tao ay bahagi ng pagkilala sa kanyang pagkatao. Nasapul ng HDR ang kaisipang ito sa pagpapahayag na:

Ang pagkilala sa isang wika ay higit pa sa paggamit lamang ng wikang iyon. Ito ay sumasagisag sa paggalang para sa mga taong nagsasalita nito, ang kanilang kultura at ang kanilang ganap na pakikilahok sa lipunan (UNDP, 2004, p. 9).

Ang pagsasakapangyarihan ng mga tao sa kanilang wika ay bahagi ng kalayaang pangkalinangan.

Dapat nating unahin ang pagiging makabuluhan ng batayang edukasyon na makapagbibigay sa mga tao ng kasanayan upang magpaunlad ng kaalaman na tunay na magagamit sa kontekstong kanilang ginagalawan. At nakikita naman natin na sa pang-araw-araw na pamumuhay ng nakararami sila ay umiiral sa kanilang sariling wika at, sa mas malawak na lebel, sa wikang Filipino. Obserbahan na lamang natin ang wika at nilalaman ng mga programa sa radyo at telebisyon.<sup>5</sup>

Marapat nga na bigyang pansin ng pamahalaan ang pagkatuto ng Ingles sapagkat may kagustuhan ang mga tao na matuto nito. Ito rin ay nakapagbibigay ng karagdagang akses sa iba pang kaalaman at may kapakinabangan nga ang kasanayan sa paggamit nito sa komunikasyon. Ngunit dapat ay ilagay ng pamahalaan sa tamang perspektiba kung bakit ito itinuturo bilang karagdagang wika. Nararapat lang na ibatay sa malinaw na mga prinsipyo ang mga kaugnay na polisiya at programang ipinapatupad.<sup>6</sup>

Higit na kanaisnais na makita na nagagamit ng lubusan ng mga tao ang nakukuhang edukasyon at mahusay ang kritikal na pag-iisip kaysa marunong ngang mag-ingles (ngunit duda ako kung matututo nga ng maayos ng wikang ito kung mahina ang pundasyon sa sariling wika) ngunit mahina naman sa mga pundamental na kasanayan dahil sa “nalilitong” polisiyang pang-edukasyon. Walang matibay na batayan ang pag-iisip na ang kakulangan sa kasanayan sa Ingles ay hadlang sa pag-unlad. Sana naman ay ang anumang imahen ng pagiging “*globally competitive*,” na maaaring hindi naman tugma sa konteksto ng nakararami at nakabatay sa maling pangangatwiran, ay huwag ilapat sa lahat lalupa’t may mga kaakibat na negatibong epekto ito sa ating sistemang pang-edukasyon. Kung ninanais na ipasok ang isyu ng globalisasyon sa usaping pang-edukasyon, dapat ay unawain ito ng malaliman upang makita ang tunay na mga implikasyon.

### **Konserbasyon ng Pamanang Pangkalinangan**

Ang huling isyu na nais kong talakayin ay tungkol sa pangangalaga ng pamanang pangkalinangan. Nararapat na palakasin ang kakayahan ng mga paaralan at iba pang daluyan ng pagkatuto na maging epektibong mekanismo sa pagpapanatili at pagpapaunlad ng pamana. Mahalagang maisaayos ang integrasyon nito sa pangkabuuang paghahatid ng edukasyon.

Nararapat na ipalaganap ang mas malawak na pananaw sa pamana, na may sapat na atensyon sa nahahawakan (*tangible*) at dinahahawakang (*intangible*) aspeto nito. Mainam na tingnan ang konsepto ng pamanang pangkalinangan sa Deklarasyon ng ASEAN (2000) na tumutukoy dito bilang: mga mahahalagang kultural na pagpapahalaga at konsepto, mga istruktura at artefakt, mga pook at tirahang pantao lalo na yaong mahalaga sa pagpapatuloy ng mga buhay na tradisyon, ang pasalita o pamanang bayan tulad ng mga gawi at kaalamang bayan, katutubong sistema ng kaalaman, mito, laro, tradisyunal na mga sining, at iba pang mga buhay na tradisyon, ang nakasulat na pamana, at popular na pagkamalikhain at anyo ng pagpapahayag na may natatanging halaga.

Kailangang bigyang-kapangyarihan ang mga guro at mag-aaral kasama ang komunidad na kilalanin ang kanilang pamana at humanap ng sariling pamamaraan upang mapanatili ito. Ang pamana ay mawawalan ng saysay kung hindi ito kikilalanin at patuloy na huhubugin ng mga mismong pinamanahan.

Sa isang *workshop* ng mga guro sa Oriental Mindoro tungkol sa kulturang Pilipino na aking nadaluhan, isa sa mga pangunahing suliranin na aking narinig ay ang kakulangan daw ng mga materyales na kanilang magagamit sa pagtuturo. Nang tanungin ang aking payo, sinabi ko na hindi nila kailangang maghintay pa na dumating ang mga kagamitang ito sapagkat ang pamana ay nasa kanilang paligid at araw-araw na pamumuhay. Sila ang nararapat na gumawa ng sariling materyales batay sa pamana na nasa kanilang kinapopookan. Ang mga guro, katuwang ang iba pang tao sa komunidad, ay dapat matulungan na masimulan ang proseso ng paggalugad ng pamana bilang bahagi ng batayang edukasyon.

Napapanahon ang ganitong panukala dahil tayo ay kasalukuyang nasa proseso ng pagpapabuti ng BEC. Maaaring maging pangmatagalang proyekto ng mga paaralan sa buong bansa ang pagdokumento ng sari-sariling pamana. Pagkatapos ng dokumentasyon, maaari itong tipunin ng DepEd upang gamitin sa pagbalangkas ng ispesipikong mga modyul na makapagpapayaman sa aspeto ng pamana sa kurikulum. Sa ganitong paraan, makabubuo tayo ng pambansang kaalaman at kamalayan tungkol sa ating pamana. Sa kaalamang ito natin mai-iimbak, mapag-uugnay-ugnay, at mabibigyan ng pagkilala ang magkakatulad at magkakaibang aspeto na bumubuo ng ating pamanang pangkalinangan. Mahalagang idiin dito na ang mga guro, mag-aaral, at komunidad mismo ang huhubog sa proseso ng gawaing ito sapagkat naririto ang pagsasakapangyarihan at pagbubuo ng kaalaman na nagmumula sa mga tao mismo.

Kasama ng ganitong tunguhin ay ang pagnanasa na ang batayang edukasyon ay maging mabisang kuhanan ng substantibong kaalaman tungkol sa sariling pamana. May mahalagang kaugnayan din ang usaping ito sa naunang diskusyon sa integrasyon ng tradisyunal at di-tradisyunal na kaalaman sapagkat ang una ay bahagi ng pamana.

## **Konklusyon**

Bagamat may mahahalagang pag-unlad na sa diskursong pangkaunlaran sa edukasyon na nagbunga na ng mga repormang pampolisiya upang maging responsibo ito sa kultura ng mga tumatanggap, napakalaki pa rin ng gawaing nasa ating harapan. Ang implikasyon ng mga repormang ito sa aktwal na paghahatid ng edukasyon ay kinakailangan pang linangin. Sa gawaing ito, malaki ang maaaring mai-ambag natin na nasa larangan ng antropolohiya. Mahalagang magkaroon ng mabisang ugnayan ang diskurso ng pamahalaan at akademya para sa mas epektibong pagsasagawa ng advokasi at maibatay ang pormulasyon at pagpapatupad ng mga polisiya at programa sa malinaw at mapagkakatiwalaang impormasyon.

Sa paglalagom, ang aking mga mungkahi kaugnay ng mga isyung aking nabanggit ay ang sumusunod:

1. Bigyan natin ng karagdagang pansin ang pagsisiyasat sa pagiging responsibo ng edukasyon na nakukuha ng nakararami sa mga pangkaraniwang paaralan. Maaari nating pagsimulan ang bunga ng umuunlad nang diskurso sa di-pormal na edukasyon, partikular ang integrasyon ng tradisyunal at di-tradisyunal na kaalaman upang tunay na maging makabuluhan ang pagkatuto.
2. Tingnan natin kung ano nga ba talaga ang implikasyon at nararapat gawin sa edukasyon sa harap ng sinasabing “globalisasyon” upang mabawasan ang kalituhan sa isyung ito at maiwasan ang pagpapatupad ng mga maling polisiya.
3. Harapin at resolbahin na ang mga isyu tungkol sa wika at pagkatuto sapagkat napakahalaga nito sa pag-usad ng kalidad ng batayang edukasyon.

4. Isama ang makabuluhang konserbasyon ng pamana sa batayang edukasyon sa paraang mabibigyang-kapangyarihan ang mga guro, mag-aaral, at komunidad na sama-samang galugarin ang sariling pamana at makita ang kahalagahan nito para sa sariling kinapopookan at sa buong bansa.

### Talahuli

---

<sup>1</sup> Ang kahulugan ng batayang edukasyon sa *Republic Act 9155 (The Governance of Basic Education Act of 2001)* ay ang sumusunod:

... the education intended to meet basic learning needs which lays the foundation on which subsequent learning can be based. It encompasses early childhood, elementary and high school education as well as the alternative learning system for out-of-school youth and adult learners and includes education for those with special needs. (Section 4.A)

<sup>2</sup> Kamakailan lamang ay may nakita akong pag-aaral tungkol sa kaalamang iral (*functional knowledge*) sa heograpiya ng mga mag-aaral sa isang paaralan sa Quezon City (Esteban 2001). Ipinakita na may dalawang uri nga ng heograpikal na kaalaman: ang “iral”, na nakukuha sa araw-araw na pamumuhay; at ang “aral”, na nagmumula sa itinuturo sa paaralan. Rekomendasyon ng pag-aaral na unawain ang kaalamang iral ng mga mag-aaral upang maiugnay ito ng angkop sa kaalamang aral at maging mas makabuluhan at epektibo ang pagtuturo ng heograpiya.

<sup>3</sup> Sa katunayan, mayroon nang napakainam na paglilinaw ang *Congressional Commission on Education* (1993) o “EDCOM” tungkol sa usaping ito:

Studies have proven that student achievement is related to the use of the mother tongue as the language of instruction. Furthermore, the continued use of English as a medium of instruction has been linked to the pervasively low levels of educational achievement among students and the inability of schools to develop a strong sense of nationhood among students.

The use of English as a medium of instruction in our schools may also explain the lapse into illiteracy among drop-outs who are taught to be literate in English. Those taught in English through rote memorization not only have poor command of English, but also fail to comprehend and internalize basic concepts in such subjects as math and science, which are taught in English.

...

With these in mind, a reassessment of the bilingual policy is imperative, for this policy has not improved the quality of learning and has stunted academic achievement. (mga pah. 101-102)

<sup>4</sup> Kung pagbabatayan ang resulta ng internasyunal na pag-aaral na *Trends in Mathematics and Science Study* (TIMSS) 2003 (Mullis et al., 2004a at 2004b), makikita na mababa ang kasanayan ng mga Pilipinong mag-aaral sa agham at matematika. Sa mga mag-aaral na nasa ika-apat na grado, halimbawa, ang internasyunal na katamtamang puntos sa kasanayan (*average achievement score*) sa matematika ay 495 habang ang sa Pilipinas ay 358; sa agham, ang katamtamang puntos ay 489 habang ang sa Pilipinas ay 332.

<sup>5</sup> Katawa-tawa ang pagkabahala ng Australyanong tagapagsalita ng mga multinational corporations na si Peter Wallace sa isang report tungkol sa mga isyung pangkaunlaran sa Pilipinas (Wallace, 2004). Sinabi niya na sa Pilipinas raw ay “*English speaking is mostly a myth*” (p. 16). At tila lalo siyang nabahala na iisang tsanel lamang sa TV ang “*English-speaking*” at walang istasyon sa AM ang nasa-Ingles. Dapat raw nating pagbutihin ang kasanayan ng mga Pilipino sa Ingles, at isa sa mga rekomendasyon niya ay gawin sa Ingles ang edukasyon natin. Para sa akin, mas nakababahala na, sa aspetong ito, tila may nakikinig nga sa kanya sa pamahalaan na hindi pinag-iisapang mabuti ang kanyang mga asersyon.

<sup>6</sup> Nakaiilang na dapat pang igiit sa mga gumagawa ng polisiya at mga tagaplano ang kahalagahan ng paggamit ng sariling wika sa pag-aaral at i-akma ang edukasyon sa konteksto ng mga tao habang tayo-tayo din namang mga Pilipino ang nag-uusap-usap at ang pinag-uusapan pa nga ay edukasyon para sa atin mismo. Naikwento ko sa aking kaibigang Aleman ang isyung ito at nasabi niya na ang ganitong problema ay “*unthinkable*” sa kanilang bansa. Dagdag pa niya na kahit tayo ay nasa “*global era*” hindi ito nangangahulugan na dapat ay maging “*fixated*” na tayo sa Ingles. Kahit nga raw sa internasyunal na konteksto ng pagpupulong ng Unyong Europeo ay nagsasalita ang mga tao sa sarili nilang mga wika at mayroon silang mga tagasalin upang magkaintindihan.

### Sanggunian

Abuso, Julian E. et al. (2002). *Structure and content of basic education: Curriculum localization/indigenization. Final report*. Pasig City: Department of Education – Third Elementary Education Project and UP Economics Foundation.

- 
- Arinto, Patricia B. (1996). *Reconstructing educational knowledge: Incorporating community knowledge in functional literacy programs*. Quezon City: Bureau of Non-Formal Education—Department of Education Culture and Sports at Education Research Program—University of the Philippines.
- Association of Southeast Asian Nations (ASEAN). (2000). Declaration on cultural heritage. Kinuha 15 Oktubre 2004, mula sa <http://www.aseansec.org/641.htm>
- Congressional Commission on Education. (1993). *Education and manpower development programs, v.1. Areas of concern in Philippine education, Book One: Making Education Work*. Quezon City, Philippines: Congressional Oversight Committee on Education.
- Congress of the Philippines. The Governance of Basic Education Act of 2001 (Republic Act 9155).
- Doronila, Maria Luisa Canieso, at Jasmin Espiritu Acuña. (1994). *Learning from life: An ethnographic study of functional literacy in fourteen Philippine communities: Volume 1, main report*. Manila: Department of Education, Culture, and Sports at University of the Philippines.
- Department of Education. (2004). DepEd Order No 51. s. 2004. Standard curriculum for elementary public schools and private madaris. Kinuha 05 Oktubre 2004, mula sa [http://www.deped.gov.ph/cpanel/uploads/issuanceImg/DO%2051\\_8-2804\\_00001.pdf](http://www.deped.gov.ph/cpanel/uploads/issuanceImg/DO%2051_8-2804_00001.pdf)
- Department of Education. (2003). DepEd Memorandum No. 189. s. 2003. Establishing the policy to strengthen the use of the english language as a medium of instruction in the educational system. Kinuha 05 Oktubre 2004, mula sa [http://www.deped.gov.ph/cpanel/uploads/issuanceImg/DM%20189\\_06-19-03\\_00001.pdf](http://www.deped.gov.ph/cpanel/uploads/issuanceImg/DM%20189_06-19-03_00001.pdf)
- Esteban, Clifford. (2001). *Isang penomenolohikal na pagdulog sa kaalamang iral sa heograpiya ng mga mag-aaral*. Tesis Masteral. Manila: Pamantasang Normal ng Pilipinas.

- 
- Mullis, Ina V.S., et al. (2004a). *TIMSS 2003 International mathematics report: Findings from IEA's trends in international mathematics and science study at the fourth and eighth grades*. Chestnut Hill, MA: TIMSS & PIRLS International Study Center, Boston College.
- Mullis, Ina V.S., et al. (2004b). *TIMSS 2003 International Science Report: Findings From IEA's Trends in International Mathematics and Science Study at the Fourth and Eighth Grades*. Chestnut Hill, MA: TIMSS & PIRLS International Study Center, Boston College.
- Salazar, Zeus. (1996). *Ukol sa wika at kulturang Pilipino*. Sa P. Constantino at M. Atienza (Mga pat.), *Mga piling diskurso sa wika at lipunan*. Lunsod Quezon: University of the Philippines Press.
- United Nations Development Programme (UNDP). (2004). *Human development report 2004: Cultural liberty in today's diverse world*. UNDP: New York.
- United Nations Educational, Scientific, and Cultural Organization (UNESCO). (2003). *Education in a multilingual world: UNESCO education position paper*. UNESCO: Paris.
- United Nations Educational, Scientific, and Cultural Organization (UNESCO). (2000). *The Dakar framework for action*. Adopted by the World Education Forum. Dakar, Senegal. Kinuha 05 Oktubre 2004, mula sa: [http://www.unesco.org/education/efa/ed\\_for\\_all/framework.shtml](http://www.unesco.org/education/efa/ed_for_all/framework.shtml)
- Wallace, Peter. (2004 Hunyo). *The Wallace report: Where to the Philippines? (or does the Philippines have a chance?)*. Kinuha 15 Oktubre 2004, mula sa: <http://www.dataphil.com/special%20reports/where%20to%20the%20phil.PDF>